*TAGALOG (Philippines) – "Where is your home"*

# SAAN NAROON ANG IYONG TAHANAN ?

Karamihan sa atin ay mayroong tirahan o tahanang tinatawag. Ito'y maaaring hindi kasing ganda ng iba at hindi kasiya-siya sa ating paningin. Gayon man ito'y isang bahay o tirahan na ating kinasasabikan sa bawa't sandali kung tayo ay galing sa ibang lugar. Mayroong katangian ito na laging nag-aanyaya sa atin bilang may-ari at ito'y naglalahad ng katotohanan at damdamin na ito'y tunay na sariling atin.

## TAYO'Y MGA PANAUHIN LAMANG DITO

Ang Salita ng Diyos ay nagpapakita sa atin na tayo'y manglalakbay lamang dito sa lupa (1 Pedro 2:11;Hebreo 11:13). Ang ating mga tirahan dito, gaano man kaganda ang pagkakayari ito'y panandalian lamang. Sa madaling panahon ang mga pader o dingding ay magsisimulang tumulo, ang mga pinto at bintana ay makakayang ilipad ng hangin, at di magtatagal unti-unting babagsak. Walang anumang bagay na itinayo dito sa lupa na kailanman ay di magwawakas at masisira. Ang lahat ay panandalian lamang. Iyong itingin ang iyong mga mata at mapatutunayan mo sa daigdig na ito, ang lahat ng bagay ay mayroong kasiraan, maging ang ating mga sariling bahay o tirahan.



Samantala, ang bawa't tao ay mayrong tiyakang patutunguhan, at ito ang magpasawalang hanggan. Ito ang dako na ating patutunguhan pagkatapos na tayo'y mamatay dito sa lupa sapagka't ang ating kaluluwa ay di na estranghero o manlalakbay kundi mamamalagi na roon magpakailanman. Ito ang tirahang inilalarawan sa atin ng Banal na Kasulatan na puno ng dagat-dagatang apoy at asupre, kung saan ang lahat ng mga mandaraya at bulaang propeta, mga demonyo at lahat ng mga taong walang pananampalataya ay di masusumpungan ang pangalan sa aklat ng buhay. Ito ang parusahang walang hanggan, (Apoc. 20:10-15).

Ang sobrang paglalagablab ng apoy, ang napakatinding-init ay magkakaroon ng pagdaing at pagngangalit ng mga ngipin; ang mapangutyang mukha ng mga demonyo at ang mga nakalolokong mga halakhak ng mga kampon ni Satanas ay lalong nagbibigay ng ibayong paghihirap sa lahat ng mga naroroon. Walang sinuman ang maaaring tumulong sa kanila upang maibsan man lamang ang kanilang paghihirap at gayon na lamang ang kanilang pagsisisi kung maibabalik lamang ang mga lumipas na panahon. Kung sana ay binigyan pansin lamang nila ang Ebanghelyo ng Panginoon Jesus! Ang paglalagablab ng apoy, ang lugar ng paghihirap, ito ang lugar na kung tawagin ay "Impiyerno". Ito ang dako o tirahan ng mga hindi mananampalataya na nagwalang bahala sa mga salita ng Diyos. Sinabi ng Bibliya, "Ang lahat ay nagkasala nga at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos" (Roma 3:23). Ito ang tirahan ng mga mangangalunya, ng mga mapakiapid, mga mapagsamba sa diyos-diyosan, mga mangkukulam, sila'y nagtatanim ng galit at poot sa puso, mga mapanibughuin, mga sinungaling, mga naglalasing sa alak, mga magnanakaw, mga manlilinlang, mga di tapat, mapagkunwari, mga mamamatay tao, mga manggugulo, mga tamad, mga mayayabang, silang mapaghangad ng mga bagay ng sanlibutan, mga suwail, mga matatakaw, maibigin sa salapi, nagsisiibig sa sanlibutan, at naghahangad ng lahat ng mga bagay ng sanlibutan, (Galacia 5:19-21;Apoc. 21:8).

Ito ang tahanan ng lahat ng mga hindi tumanggap kay Jesus bilang kanilang sariling Tagapagligtas, at ang kanilang kasalanan ay hindi nahugasan ng dugo ni Cristo. "Huwag nga kayong padaya, ang Diyos ay hindi napabibiro, sapagka't ang anumang itinanim ng tao ang siya naman niyang aanihin (Gal. 6:7). Sapagka't ang anumang itinanim ng tao na masamang pita ng laman ay siya naman niyang aanihin. Sandali kang magbulaybulay at iyong alamin ang makasalanan ay tiyakang paroroon, dahilan lamang sa hindi nila pagtanggap sa Panginoon at Tagapagligtas na si Jesus. Ang makasalanan ay tiyakang mamamatay. Ang lahat ng layaw ng katawan at pagkakasala ay natapos, at tayo'y kailangan lamang na magbayad na ng ating pagkakautang. Ang nakakikilabot na impiyerno ang siyang kukuha ng nanginginig na kaluluwa at espiritong ito. Naisin man niyang manalangin sa panahong iyon, huli na ang lahat sapagka't oras na ng kanilang kamatayan, hindi na siya maaaring makipag-ugnay sa Diyos. Ang kanilang dating mga kaibigan ay natatakot kahit lumapit man lamang sa kanilang higaan. Ang kaniyang kayamanan ay hindi makatulong sa kaniyang paghihirap, ni hindi makapagbigay ng pandugtong upang humaba pa ang kaniyang buhay. Naisin man niyang tawagin

ang Diyos ay hindi na siya bibigyan ng pagkakataon ni Satanas. Maging ang lahat ng kaniyang minahal, sa oras na iyon ay parang nangungutya sa kaniya. Ngayon, siya ay nagsisimula ng manginig sa takot, (Hebreo 10:31). Gusto man niyang maisaayos ang lahat upang manumbalik sa Diyos, ngunit huli na ang lahat.

NGAYON, tingnan natin ang higit na mainam na tahanan. Sa tahanang ito'y wala nang gabi, walang buwan o araw man na kailangan, pagka't ang Panginoon ang nagbibigay ng liwanag doon (Apoc. 22:5). Wala ng sakit, kalungkutan, pagkagutom ni pagkauhaw, wala ng paghihikahos ni paghihirap man, doon ay wala ng pagkatakot at ni anino man ng kamatayan (Apoc. 21:4). Ang mga pader ay mga batong jaspe at ang lunsod ay lantay na ginto, makinang na parang kristal, (Apoc. 21:18). Ganito ang sinasabi ng Kasulatan, "Hindi pa nakikita ng mata, ni naririnig ng tainga, hindi pa rin sumasagi sa isip ng tao, ito ang mga inihanda ng Diyos sa mga umiibig sa Kanya (1 Cor. 2:9). Walang salitang maaaring magamit upang mailarawan ang kaluwalhatian ng langit. Ito ang tirahan ng mga ligtas. Walang sinumang makasalanan ang maaaring makapasok doon, yaon lamang masusumpungan sa aklat ng buhay (Apoc. 21:27). Hindi mo maaaring bilhin ang tirahang ito o tumbasan man ng salapi at mabubuting gawa. Hindi ka rin naman maaaring makapunta doon ibigin mo man, malibang isuko mo ang iyong buhay kay Jesus at tanggapin Siya bilang Panginoon at Tagapagligtas. Sinabi ni Jesus, "Ako ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, walang sinumang makapupunta sa Ama kundi sa pamamagitan Ko" (Juan 14:6). Pinatotohanan rin ng Biblia (Juan 14:2), na ang tahanang ito ay para lamang doon sa mga nagsuko ng kanilang buhay kay Cristo na napatawad ang kanilang mga kasalanan. Karamihan sa tao ay naniniwalang ang mabubuting gawa ang makapagliligtas sa kanila mula sa parusa na ito'y taliwas sa mga sinasabi ng Biblia.

Ngayon nakikita natin na tayo'y makasalanan sa harapan ng Diyos, at tayong lahat ay patungo sa impiyerno subali't "kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan ay tapat at banal Siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng ating kalikuan" (1 Juan 1:9). Sinabi niya, "Ako ang muling pagkabuhay at ang buhay. Ang nanalig sa akin, kahit mamatay ay muling mabubuhay, at sinumang nabubuhay, at nanalig sa akin ay hindi mamatay magpakailanman (Juan 11:25,26). "Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang sinumang dumirinig ng aking salita, at sumasampalataya sa kaniya na nagsugo sa akin, ay mayroong buhay na walang hanggan, at hindi mapapasok sa paghatol, kundi lumipat na sa kabuhayan mula sa kamataya (Juan 5:24).

Ang pagkatakot sa kamatayan ay wala na sa Kristiyano, "Nasaan, O kamatayan, ang iyong tagumpay? Nasaan, O kamatayan, ang iyong kamandag, Ang kamandag ng kamatayan ay ang kasalanan, at ang lakas ng kasalanan ay nagmumula sa kautusan. Magpasalamat tayo sa Diyos na nagbibigay sa atin ng tagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo." (1 Cor. 15:54-57). Ang isang tao na namumuhay na kasama ng Diyos ay hindi natatakot mamatay. Kapag dumating na ang oras ng kamatayan mayroon tayong kagalakan sa ating mga puso, gaya ng sinabi ni San Pablo,

“Sapagka’t ako’y nagigipit sa magkabila, akong may nasang umalis at sumama kay Cristo; sapagka’t ito’y lalong mabuti, (Filipos 1:23); Sapagka’t ang tunay na Kristiano ay mayroong malaking pananabik na makita ng mukhaan ang Kaniyang Panginoon na naghandog ng buhay para sa katubusan ng kaniyang kasalanan. At ang Banal na Espiritu rin ang nagbibigay kaaliwan sa Kanyang mga anak mula sa pangako ni Jesus “Huwag magulumihanan ang inyong puso, magsisampalataya kayo sa Diyos, Magsisampalataya kayo sa akin, sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan; kundi gayon ay sinabi ko sana sa inyo; sapagka’t ako’y paroroon upang ipaghanda ko kayo ng kalalagyan” (Juan 14:1-4).

Ngayon, sandali tayong mag-isip at tingnan natin kung paanong ang Kristiyano ay pumunta sa kaniyang sariling tahanan. Sa halip na nakatatakot na kamatayan, ang anghel ng Panginoon ay makikitang naghihintay sa isang kaluluwang naligtas mula sa pagkapahamak. Sa oras na ang kaluluwa at espiritu ay lumabas sa katawan, ito’y papasok na sa kalangitan sa sinapupunan ng ating Panginoon. Walang katulad ang napakasayang pagtanggap sa kanya doon ng kanyang Panginoon at magsasabing, “Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin; pumasok ka sa kagalakan ng iyong Panginoon (Mateo 5:21). Si Satanas ay wala ng kapangyarihan sa kaniya sapagka’t mahalaga sa paningin ng Panginoon ang kamatayan ng mga banal (Awit 116:15). “At ako’y nakarinig ng tinig buhat sa langit na nagasasabi sa akin, iyong isulat ito, “Mula ngayon mapapalad ang naglilingkod sa Panginoon hanggang kamatayan. Tunay nga sabi ng Espiritu, “Magpahinga na sila sa kanilang pagpapagal; sapagka’t susundan sila ng kanilang mga gawa” (Apoc. 14:13).

PARA SA IYO KAIBIGAN dapat mong gawin ngayon ang ginawa ng isang alibughang anak na nalayo sa magulang at makilala ang kanyang pagkakamali dahil sa kahirapan at pangangailangang kaniyang naranasan. Ang anak na ito ang nagsabing “Ako’y babalik sa Kanya, at sasabihin ko, “Ama, nagkasala po ako laban sa iyo...” (Luke 15:18).

Ngayon, para sa iyo kapatid at kaibigan, isuko mo na ang iyong buhay sa Panginoon at pagsisihan mo ang iyong mga kasalanan. Magpalinis ka sa pamamagitan ng Kaniyang banal na dugo at tanggapin mo ang Kaniyang pagpapatawad sa iyo. Sa gayon tiyak na mararating mo ang tunay na landasin ng buhay patungo sa kalangitan, ito ang iyong WALANG HANGGANG TAHANAN.

M.R. GSCHWEND

---

For **free** Gospel literature, books and tracts in over 540 languages, write to:

**E-MAIL: info@angp.co.za**

**ALL NATIONS GOSPEL PUBLISHERS**

**P.O. Box 2191, PRETORIA, 0001, R.S.A.**

(A Gospel Literature Mission financed by donations)

(Reg. No. 1961/001798/08)